



Money, money, money.

Sinong may sabing walang pera ang barangay?

Taun-taon, 35% mula sa 40% ng kinikita ng gobyerno mula sa paggamit ng national wealth ay napupunta sa mga barangay, bukod pa sa 20% na nakukuha mula sa koleksyon ng buwis (Internal Revenue Allotment). 30% rin ng nakokolektang community tax sa isang barangay ay napupunta sa pondo ng barangay, pati na 25-30% ng amilyar (real property tax). Kumikita rin ang isang barangay mula sa mga tindahan at iba pang negosyo sa barangay (gross receipts, entertainment taxes). Hindi pa kasama dito ang kinikita ng isang barangay mula mga billboards at karatula, pati ang mula sa mga pino-proseso nitong mga dokumento tulad ng business permits at barangay clearance.

Ang ibig sabihin, hindi pobre ang inyong barangay. Walang dahilan upang ikaw ay mamuhay sa isang marumi at magulong kapaligiran, na may kakulangan sa mga basic services, at salat sa imprastraktura tulad ng maayos na kalsada.

Lagi bang idinadahilan ng iyong barangay officials na wala kayong pera? Saan napupunta ang pondo ng barangay?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa
2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



Money, money, money.

Sinong may sabing walang pera ang barangay?

Taun-taon, 35% mula sa 40% ng kinikita ng gobyerno mula sa paggamit ng national wealth ay napupunta sa mga barangay, bukod pa sa 20% na nakukuha mula sa koleksyon ng buwis (Internal Revenue Allotment). 30% rin ng nakokolektang community tax sa isang barangay ay napupunta sa pondo ng barangay, pati na 25-30% ng amilyar (real property tax). Kumikita rin ang isang barangay mula sa mga tindahan at iba pang negosyo sa barangay (gross receipts, entertainment taxes). Hindi pa kasama dito ang kinikita ng isang barangay mula mga billboards at karatula, pati ang mula sa mga pino-proseso nitong mga dokumento tulad ng business permits at barangay clearance.

Ang ibig sabihin, hindi pobre ang inyong barangay. Walang dahilan upang ikaw ay mamuhay sa isang marumi at magulong kapaligiran, na may kakulangan sa mga basic services, at salat sa imprastraktura tulad ng maayos na kalsada.

Lagi bang idinadahilan ng iyong barangay officials na wala kayong pera? Saan napupunta ang pondo ng barangay?

PAG-ISIPANG MABUTI.

Isang paalaala mula sa **NAMFREL** para sa
2010 Barangay at Sangguniang Kabataan (SK) Elections



MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M – 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph

MGA DAPAT TANDAAN:

1. Ang botohan at bilangan para sa 2010 Barangay at SK Election sa Oktubre 25 ay **MANUAL**. Ang ibig sabihin po'y isusulat isa-isa sa balota ang mga pangalan ng nais iboto.
2. Alamin kung saan ang inyong presinto bago pa man dumating ang araw ng eleksyon.
3. Bumoto ng maaga. Magsisimula ang botohan ng **alas-7 ng umaga**, at matatapos ng **alas-3 ng hapon**. Inaasahang marami ang botante sa bawat presinto dahil sa clustering ng precincts at sa pagdagdag ng SK voters. Pumila ng maayos.
4. Isulat ng malinaw ang **kumpleto at totoong pangalan** ng mga napiling kandidato. Iwasang magkamali o magbura, at ingatang huwag magkarumi ang balota.
5. Panatiliing sikreto ang pagboto. Gawin ito nang mag-isa, at huwag ipakita ang balota sa katabi.
5. Pagkaboto, huwag subukang tanggalin ang indelible ink sa daliri. **Tanda ito ng pagiging isang mabuting mamamayan.**
6. **Bantayan** ang bilangan. Kung maari ay mag-volunteer na election watcher. Magdala ng flashlight o kandila kung sakaling mag-brownout. Magmanman sa paligid. Huwag hayaang guluhin ninuman ang eleksyon dahil **ang pagboto ay sagrado**.

Dayaan? Iregularidad? Ibigay sa amin ang detalye sa www.namfrel.org.ph. Puwedeng mag-attach ng mga litrato, video, at dokumentong pagpapatunay.



National Citizens' Movement for Free Elections
Unit 601 DMG Center, Libertad cor. Calbayog St., Mandaluyong City
T - 02.4847590 / M – 0927.9611524 / 0919.3389344
www.namfrel.org.ph
bantayngbayan@namfrel.com.ph